



Ang Contra Costa ay isang Malugod na Tumatangap na County para sa mga Refugee, Imigrante, at Lahat ng Miyembro ng Ating Komunidad.

295,000

Bilang ng mga imigranteng naninirahan sa Contra Costa noong 2019: 25.6% ng kabuuang populasyon

\$24.7 BILYON

Kabuuang iniambag ng mga residenteng ipinanganak sa ibang bansa Kabuuang iniambag ng mga re GDP ng county noong 2019, o 30.8% ng kabuuan

LALONG NAGKAKAIBA-IBA AT DUMARAMI ANG KULTURA

Ayon sa mga resulta ng bagong 2020 Census

v1 10/25/2021

NANDITO ANG EHSD PARA PAGLINGKURAN KA

MAG-APPLY PARA SA MGA BENEPISYO

Hinihikayat namin ang mga miyembro ng komunidad na mag-apply para sa at tumanggap ng mga benepisyong kung saan maaaring kwalipikado sila at ang kanilang pamilya. Maaaring mag-apply ang sinuman.

MARAMING MAPAGKUKUNAN ANG NAKALAN

Hindi lahat ay kwalipikado para sa lahat ng programa, ngunit maraming mapagkukunan ang nakalaan upang suportahan, protektahan at palakasin ang mga indibidwal at pamilya sa kanilang landas tungo sa pagsasarili.

MAAARING KWALIPIKADO ANG MGA BATA

Ang pagiging kwalipikado sa programa ay nakabatay sa pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon ng bata, hindi lamang ng magulang.

Ang mga batang mamamayan ng U.S. at kwalipikadong imigrante na bata ay maaaring kwalipikado para sa maraming programa, tulad ng mga benepisyong salapi ng CalFresh at CalWORKs. Maaaring kwalipikado sa buong saklaw na coverage ng Medi-Cal ang mga bata at nakababatang nasa hustong gulang na may edad na hanggang 26.



TINATANGGAP KA NG EMPLOYMENT AND HUMAN SERVICES DEPARTMENT (EHSD) SA CONTRA COSTA COUNTY



Pangangalagang Pangkalusugan

Dapat kunin ng lahat, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, ang medikal na pangangalagang kailangan nila.

Pang-emergency na Medi-Cal*: Available sa mga indibidwal na hindi kwalipikado sa Medi-Cal, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Saklaw ng mga serbisyo ang kondisyong medikal (kabilang ang pang-emergency na pangangalaga at panganganak) na kung walang agarang atensiyong medikal ay maaaring magresulta sa pagkakalagay sa kalusugan ng pasyente sa malubhang panganib.

Buong Saklaw na Medi-Cal*: Nag-aalok ang California ng buong saklaw na Medi-Cal sa mga bata at nakababatang nasa hustong gulang (na wala pang 26 taon), anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, Kabilang ang pangangalagang medikal, sa ngipin, kalusugan ng pag-iisip, at paningin. Simula Mayo 2022, magiging kabilang sa pagpapalawak ng Medi-Cal sa California ang mga nasa hustong gulang na may edad na 50 pataas, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. May mga karagdagang programa ang Medi-Cal na maaaring naaangkop sa iba. <https://ehsd.org/apply-for-services/>

Covered California: Maaaring kwalipikado ang mga lawfully present (kwalipikado sa batas) na imigrante na bumili ng insurance sa kalusugan sa marketplace at maaaring kwalipikado sila para sa mga subsidized na premium. <https://www.coveredca.com/>

** Maaaring ilapat ang kwalipikasyon ayon sa kita at asset*

Tandaan: Libre ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19, kahit ano pa ang iyong katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan. Kung ikaw ay hindi dokumentado o walang insurance:

- Makakakuha ka pa rin ng kinakailangang pagsusuri at paggamot sa COVID-19 (nang walang bayad kung sa Medi-Cal).
- Ang pangangalaga ng Medi-Cal para sa pagsusuri at paggamot sa COVID-19 ay hindi nabibilang sa panuntunan sa public charge (dayuhang tumanggap ng mga pampublikong benepisyo).
- Hindi nabibilang ang mga pagpapabakuna sa panuntunan sa public charge.
- Hindi ka dapat tanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon kapag kumukuha ka ng bakuna sa COVID-19.

Mga Mapagkukunan ng Pagkain

CalFresh (inilalapat ang kwalipikasyon ayon sa kita): Ang mga benepisyo sa pagkain ng CalFresh ay pinapalaki ang mga badyet ng sambahayan, na nagbibigay-kakayahan sa mga tumatanggap na makabili ng masustansiyang pagkain, kabilang ang mas maraming prutas, gulay, at iba pang masustansiyang pagpipilian. Maaaring kwalipikado ang mga batang mamamayan ng U.S., at ilang batang hindi mamamayan at mga Lawful Permanent Resident (Legal na Permanenteng Residente). <https://ehsd.org/apply-for-services/>

WIC: Programa sa nutrisyon para sa Kababaihan, mga Sanggol, at Bata. <https://cchealth.org/wic/apply.php>

Bangko ng Pagkain: Direktang namamahagi ng pagkain sa mga taong nangangailangan. <https://www.foodbankccs.org>

Mga Trabaho

Ang ilang ibinibigay na Basic Career Services (Mga Pangunahing Serbisyo sa Career) sa pamamagitan ng Workforce Development Board (WDB, Lupon sa Pagpapaunlad ng Mga Manggagawa) ay available sa lahat, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. <https://www.wdbccc.com/jobseeker-services/>

CalWORKs (inilalapat ang kwalipikasyon ayon sa kita at mapagkukunan): Tulong na salapi at mga serbisyo sa mga pamilyang may mga bata sa tahanan. Maaaring kwalipikado ang mga batang mamamayan ng U.S. at kwalipikadong imigrante. Maaaring kwalipikado ang mga pamilya sa CalWORKs para sa mga serbisyo sa trabaho at suporta sa edukasyon mula sa programang Welfare-to-Work (WTW). <https://ehsd.org/apply-for-services/>

Pabahay

Mga Serbisyo sa Pabahay at Walang Tahanan: Suporta para sa mga indibidwal at pamilyang nakakaranas ng kawalan ng tirahan o nangangailangan ng tulong sa pag-upa o pabahay. <https://ehsd.org/overview/housing-homeless-services>

Mga Karagdagang Programa:

Bukas para sa lahat ang ilang programa ng EHSD. Nakalagay sa ibaba ang mga contact point para sa karagdagang impormasyon.

Mga Serbisyo sa Pagprotekta sa Bata: Isumbong ang pinaghihinalaan o aktuwal na pang-aabuso sa bata nang 24/7. Tumawag sa (877) 881-1116.

Mga Serbisyo sa Pagprotekta sa Nasa Hustong Gulang: Isumbong ang pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaang isang nakatatandang indibidwal o dependent na nasa hustong gulang. Tumawag sa (877) 839-4347 o (925) 602-4179 kung nasa labas ng Contra Costa.

Impormasyon at Tulong: Impormasyon at mga referral para sa mga nakatatanda, matatandang may mga kapansanan, at kanilang mga tagapag-alaga. Tumawag sa (800) 510-2020 o (925) 229-8434 kung nasa labas ng Contra Costa.

Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan: Mga serbisyo upang tulungan ang mga nakatatanda at indibidwal na may kapansanan para manatili silang ligtas sa kanilang mga tahanan. <https://ehsd.org/elderly-disabled/in-home-supportive-services-ihss/>

Head Start and Early Head Start*: Maagang pangangalaga sa bata at preschool para sa mga pamilyang mababa ang kita <https://ehsd.org/headstart/childcare-preschool/head-start-early-head-start-and-state-preschool/>

Low Income Heating & Energy Assistance Program (LIHEAP, Programa para sa Tulong sa Pagpapainit at Kuryente para sa Mga Mababa ang Kita)*: Tulong pinansiyal para sa mga bayarin sa kuryente. <https://ehsd.org/headstart/energy-assistance/>

GetConnected Contra Costa*: Binawasang bayad sa internet, na nakabatay sa kwalipikasyon ayon sa kita. <https://ehsd.org/get-connected-contra-costa/>

4 Our Families Navigators: Tumutulong sa mga kalahok sa unang pagkakataon na ma-access ang mga naka-target na suporta at serbisyo na kailangan nila sa pamamagitan ng EHSD at mga partner nito. Magpadala ng email sa 4ourfamilies@ehsd.cccounty.us o mag-iwan ng voicemail sa (925) 335-6581 kasama ang iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at mga pangangailangan.

** Maaaring ilapat ang kwalipikasyon ayon sa kita at asset*